| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | VI |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | | Learning Area: | ESP |
| | Teaching Dates and Time: | (WEEK 1) | Quarter: | 1ST QUARTER |

| | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| I. LAYUNIN | | | | | |
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagsunod sa mga tamang hakbang bago makagawa ng isang desisyon para sa ikabubuti ng lahat | | | | |
| B. Pamantayan sa Pagganap | Naisasagawa ang tamang desisyon nang may katatagan ng loob para sa ikabubuti ng lahat | | | | |
| C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto (Isulat ang code ng bawat kasanayan) | | **1.Naisasagawa ang mga tamang hakbang na makatutulong sa pagbuo ng isang desisyon na makabubuti sa pamilya**<br>*1.1 pagsusuri nang mabuti sa mga bagay na may kinalaman sa sarili at pangyayari*<br>*Nakasusuri nang mabuti bago magbigay ng desisyon*<br>***EsP6PKP-1a-i-37*** | **1.Naisasagawa ang mga tamang hakbang na makatutulong sa pagbuo ng isang desisyon na makabubuti sa pamilya**<br>*1.1 pagsusuri nang mabuti sa mga bagay na may kinalaman sa sarili at pangyayari*<br>*Nakasusuri nang mabuti bago magbigay ng desisyon*<br>***EsP6PKP-1a-i-37*** | **1.Naisasagawa ang mga tamang hakbang na makatutulong sa pagbuo ng isang desisyon na makabubuti sa pamilya**<br>*1.1 pagsusuri nang mabuti sa mga bagay na may kinalaman sa sarili at pangyayari*<br>*Naipakikita sa gawa ang wastong desisyon*<br>***EsP6PKP-1a-i-37*** | **1.Naisasagawa ang mga tamang hakbang na makatutulong sa pagbuo ng isang desisyon na makabubuti sa pamilya**<br>*1.1 pagsusuri nang mabuti sa mga bagay na may kinalaman sa sarili at pangyayari*<br>*Naipakikita sa gawa ang wastong desisyon*<br>***EsP6PKP-1a-i-37*** |
| II. NILALAMAN | Mapanuring Pag-iisip (Critical Thinking) | | | | |
| III. KAGAMITANG PANTURO | | | | | |
| A. Sanggunian | | | | | |
| 1. Mga Pahina sa Gabay ng Guro | | Sulo ng Buhay 6<br>Pahina 14-15 | Sulo ng Buhay 6<br>Pahina 14-15 | Sulo ng Buhay 6<br>Pahina 14-15 | Sulo ng Buhay 6<br>Pahina 14-15 |
| 2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang- Mag-aaral | | Sulo ng Buhay 6<br>Pahina 47-48 | Sulo ng Buhay<br>Pahina 47-48 | Sulo ng Buhay 6<br>Pahina 47-48 | Sulo ng Buhay 6<br>Pahina 48-49 |
| 3. Mga Pahina sa Teksbuk | | | | | |
| 4. Karagdagang Kagamitan Mula sa Portal ng Learning Resource | | TG, LM Grade 6 | | | |
| B. Iba pang Kagamitang Panturo | | Video clips, tsart, bond paper,meta cards,organizer, mga larawan | Video clips, tsart, bond paper,meta cards,organizer, mga larawan | Video clips, tsart, bond paper, mete cards, organizer,mga larawan | Video clips, tsart, bond paper, meta cards, organizer |
| IV. PAMAMARAAN | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin** | | Pagpapakita ng larawan<br>Ano ang nakikita nyo sa larawan? | Ano ang pabatid ng alkalde sa kaniyang mga kabarangay? | Bakit kailangan nating suriing mabuti ang sitwasyon bago gumawa ng desisyon? | Ano ang iyong karanasan sa iyong tahanan na nagpakita ng pagsusuri bago ka gumawa ng desisyon? |
| **B. Paghahabi sa layunin ng aralin** | | Basahin ang maikling kwento sa pahina 47-48 ng Batayang Aklat | Kailan pumayag ang mga tao na mabakuran ang ilog? | Magpakita ng isang video clips na may kaugnayan sa pagsusuri ng pangyayari bago gumawa ng desisyon. | Magpakita ng mga larawan at sabihin kung nagpapakita ng tamang pagsusuri o hindi |
| **C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin** | | Ano ang ibinalita ng alkalde na kanyang gagawin para sa kanyang mga nasasakupan? | Bakit ayaw ng mamamayan ang pagbabakod sa ilog noong una?<br>Magpakita ng larawan kung nagpapakita ng tamang desisyon. | Ano ang napanood ninyo sa video clips?<br>Ano ang pagsusuring ginawa ng mga tauhan sa video clips?<br>Sang-ayon ka ba sa kanilang ginawa? | Aling mga larawan ang nagpapakita ng pagsusuri at alin naman ang hindi?<br>Original File Submitted and Formatted by DepEd Club Member - visit depedclub.com for more |
| **D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1** | | Bakit kailangan niyang pabakuran ang ilog? | Pumalakpak ng tatlo kung tama ang isinasaad ng pangungusap at dalawang padyak kung mali<br>1. Pinilit dumaan ni Richard sa bawal na tawiran sapagkat siya ay nagmamadali.<br>2. Ayaw lumagda ni Grace sa isang petisyon sapagkat hindi pa niya napag-aralan kung ano ang magiging epekto nito sa nakararami.<br>3. Ipauubaya nalang ninyo sa inyong pangulo ang pagpapasya.<br>4. Magaling ang inyong lider sa klase kaya ipinauubaya na ninyo sa kanya ang lahat ng desisyon. | Pangkatang Gawain:<br>G1-Gumawa ng isang slogan na nagpapahayag ng pagsusuri sa isang sitwasyon<br>G2- Gumuhit ng isang matalinong pagpapasya<br>G3- Bumuo ng isang awit ng tamang pagpapasya<br>G4- Sumulat ng dalawang pangyayari ng nangangailangan ng matalinong pagpapasya | Sabihin Ang HOORAY!kungmay tamang pagsusuri at HEP HEP! Kung mali.<br>1. Lumahok sa paligsahan sa pagsasayaw at umuwi agad<br>2. Bumili ng pagkain ngunit kulang ang pera<br>3. Nagpatala sa painting contest at nanalo<br>4. Pumasok sa paaralan ngunit nakalimutang sagutin ang takdang aralin<br>5. Nag-aral ng mabuti kaya tumaas ang mga marka |
| **E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2** | | Alin ang nagbibigay ng mas maraming benepisyo sa mga tao, ang mabakuran ang ilog o ang manatili itong bukas sa mga tao? | Pangkatang Gawain: Ipakita sa pamamagitan ng dula dulaan ang tamang pagsusuri sa mga sumusunod na pangyayari.<br>G1-Paggawa ng proyekto sa EsP<br>G2- Pagpupulong ng pangulo ng inyong klase tungkol sa pagpipintura ng flower box | Magpangkat sa apat at gumawa ng isang iskit o sitwasyon na nagpapakita ng pagsusuri bago isagawa ang desisyon. (3 minuto) | Bakit kailangang suriing mabuti ang pangyayari bago magbigay ng desisyon?<br>Ano ang naidudulot nito sa atin? |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | G3- Paglikom ng pondo para sa nasalanta ng sunog<br>G4- Paglilinis ng palikuran ng classroom officers | | |
| **F. Paglinang sa Kabihasnan (Tungo sa Formative Assessment 3)** | | Pangkatang Gawain:<br>G1- Iguhit ang isang malinis na ilog<br>G2- Itala ang tatlong dahilan o pangyayari kung hindi naipabakod ang ilog<br>G3- Ilarawan ang katangian ng isang alkalde<br>G4- Sumulat ng isang poster na nagpapakita ng tamang pagsusuri bago gumawa ng isang desisyon | Sagutin nang pasalita:<br>Ipaliwanag kung ano ang magiging pasya para sa ganitong sitwasyon.<br>" Hiniling ng pangulo ng inyong klase na magkaroon kayo ng isang palatuntunan upang makalikom ng pondo para maisagawa ang inyong proyekto. Iyon ay nangangailangan ng inyong oras,paggawa at pera.<br>Sasang-ayon ka ba o hindi? Bakit? | Ano ang dapat gawin bago gumawa ng isang desisyon? | Magbahagi ng isang pangyayari sa paaralan na naranasan mo at paano mo ito nadesisyunan. |
| **G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw- araw na buhay** | | Kung isa kayo sa mga naninirahan doon, tututol din ba kayo o papaya kaagad? Bakit opo? Bakit Hindi po | Inatasan ka ng iyong guro na lumahok sa isang singing contest at kailangan mong mag-ensayo tuwing hapon bago ang uwian,ano ang magiging pasya mo? Bakit? | Nais mong manood ng palabas sa plasa ng inyong barangay ngunit kailangan mong mag-aral ng iyong aralin para sa pagsusulit bukas.<br>Ano ang iyong magiging pagpapasya? | Ano ang iyong nararamdaman kapag gumawa ka ng isang bagay at di mo nasuri bago magdesisyon? |
| **H. Paglalahat ng Aralin** | | Tandaan:<br>Suriin nang mabuti ang sarili bago magbigay ng desisyon. | Sumuri munang mabuti mabuti bago magbigay ng desisyon upang makagawa ng mabuting pagpapasya. | Maging matalino sa pagsusuri ng sitwasyon bago magbigay ng tamang pagpapasya. | Mahalagang suriin muna ang sarili at pangyayari bago magbigay ng desisyon. |
| **I. Pagtataya ng Aralin** | | Ibigay ang iyong pagpapasya sa pangyayaring ito:<br>Aayusin ang isang bahagi ng inyong silid-aralan, pansamantalang lilipat kayo sa isang masikip na lugar, sasang-ayon ka bang lumipat? Bakit? | Thumbs up/Thums down<br>1. Agarang magbigay ng desisyon para malunasan ang suliranin.<br>2. Isipin nang tama ang lahat ng sasabihin para mabigyan ng tamang desisyon ang anumang problema.<br>3. Iasa sa lider ang desisyon palagi kapag may pangkatang gawain.<br>4. Timbangin ang bawat detalye sa solusyon ng bawat problema bago magpasya. | Ipakita sa gawa ang iyong desisyon sa sitwasyong ito (gumamit ng rubrics)<br>Hiniling ng iyong ina na lumiban ka muna sa klase dahil magbabantay ka ng iyong kapatid sapagkat may mahalagang bagay siyang aasikasuhin.<br>Ano ang iyong magiging pasya? Paano mo ito susuriin? | Ipakita sa gawa ang yong desisyon sa sitwasyong ito.<br>Inutusan ka ng iyong guro na magdilig ng halaman ngunit may takdang gawain ka pang dapat sundin sa kantina. Ano ang iyong desisyon? |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | 5. Sumang-ayon nalang kag inihain na ang desisyon sa isang tao. | | |
| **J. Karagdagang Gawain para sa takdang- aralin at remediation** | | Isulat nang patalata ang iyong sariling desisyon:<br>Magaling magsalita ng Ingles ang inyong lider kaya sumasang-ayon kayo sa lahat ng naisin nya. | Sabihin ang iyong pagsusuri sa sitwasyong ito:<br>Niyaya ka ng iyong kaklase na magcutting class dahil maglalaro kayo ng basketbol. Ano ang iyong magiging pasya? | Sumulat ng isang karanasan na nagpapakita ng pagsusuri bago magbigay ng desisyon. | Itala ang iyong karanasan noong ikaw ay nasa ikalimang baitang na nagpapakita ng tamang pagsusuri bago gumawa ng isang desisyon. |
| **V. MGA TALA** | | | | | |
| **VI. PAGNINILAY** | | | | | |
| **A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.** | | | | | |
| **B. Bilang ng mga-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation** | | | | | |
| **C. Nakatulong ba ang remediation? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin.** | | | | | |
| **D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation** | | | | | |
| **E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?** | | | | | |
| **F. Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?** | | | | | |
| **G. Anong kagamitan ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | | | | | |